

## I. Ehekutibong Buod

### A. Layunin

Tinitiyak ng regulasyong ito ang iminungkahing patakaran ng Kagawaran patungkol sa Walang-diskriminasyon sa Kalusugan at mga Programa ng Pag-aaral sa Kalusugan o mga Aktibidad na inisyu sa **Pederal na Rehistro** noong Hunyo 14, 2019 (84 FR 27846), na may menor at pangunahing mga pagtatamang teknikal. Ginagawa nito ang mga pagbabago sa umiiral na regulasyon ng Kagawaran<sup>1</sup> ("2016 na Patakaran") na nagpapatupad ng Seksyon 1557 ng ACA, 42 U.S.C. 18116. Gumagawa ito ng kaugnay na susog sa mga regulasyon ng Kagawaran na nagpapatupad ng Pamagat IX ng Pagbabago ng Edukasyon ng 1972 ("Pamagat IX"), at ginagawa nito ang sunud-sunod na mga susog sa mga walang-diskriminasyong probisyon sa loob ng iba't ibang regulasyon ng CMS.

Sa pamamagitan ng Seksyon 1557 ng ACA, inilapat ng Kongreso ang ilang matagal nang kinakailangang karapatang sibil sa walang-diskriminasyon sa anumang programa sa kalusugan o mga aktibidad na tumatanggap ng tulong pinansyal sa Pederal, at anumang programa o aktibidad na pinamamahalaan ng isang ahensya ng Ehekutibo sa ilalim ng Titulo I ng ACA o sa pamamagitan ng isang entidad na itinatag sa ilalim ng naturang Pamagat. Ginawa ito sa pamamagitan ng may kaugnayang mga batas na tumutukoy sa ipinagbabawal na mga batayan ng diskriminasyon, katulad ng lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan, sa hanay ng mga pinondohan ng Pederal at pinamamahalaang mga programa o aktibidad. Upang matiyak ang pagsunod, idineklara ng Kongreso na "[a]ng nagpapatupad na mga mekanismo na

---

<sup>1</sup> 81 FR 31375-473 (Mayo 18, 2016) naka-code sa 45 CFR part 92.

ipinagkaloob at magagamit sa ilalim ng" nasabing mga batas "ay ilalapat para sa mga layunin ng paglabag sa" Seksyon 1557.<sup>2</sup>

Babalik ang pinal na patakaran na ito sa mga mekanismo ng pagpapatupad na ibinigay para sa, at magagamit sa ilalim ng mga umiiral na mga batas at pagpapatupad ng mga regulasyon ng Kagawaran. Tinatangal nito ang marami sa mga probisyon ng 2016 na Patakaran upang mas mahusay na sumunod sa mga utos ng Kongreso, pinapawi ang humigit-kumulang na \$2.9 bilyon sa hindi kinakailangang mga pasanin ng regulasyon (higit sa limang taon), dinadagdagan ang matibay na pagsunod, binabawasan ang pagkalito, at nililinaw ang saklaw ng Seksyon 1557. Binibigyan nito ang Kagawaran na ipagpatuloy ang matatag na pagpapatupad ng mga batas sa karapatang sibil sa pamamagitan ng paglilinaw na ang matibay na proteksyon ng Pamagat VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964 ("Pamagat VI"), Pamagat IX, ang Batas sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975 ("Age Act"), at ang Seksyon 504 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973 ("Seksyon 504") ay nananatili nang buong puwersa at resulta.<sup>3</sup>

Kinakailangan ang pinal na patakaran na ito dahil tinukoy ng Kagawaran na ang mga bahagi ng 2016 na Patakaran ay doble o nakalilito, nagpapataw ng malaking hindi inaasahang mga pasanin, o magpapataw ng mga pasanin na higit sa kanilang inaasahang mga benepisyo. Bukod pa rito, nagpasiya ang dalawang korte ng distrito ng Pederal na lumampas ang Kagawaran sa awtoridad nito sa pagpapahayag ng mga bahagi ng regulasyon, at na una nang isinantabi at ibinalik muli ang mga bahagi ng 2016 na Patakaran. Sa pamamagitan ng malaking pag-uurong sa karamihan sa 2016 na Patakaran, kasama na ang pag-alis sa mga isinantabing probisyon mula sa

---

<sup>2</sup> 42 U.S.C. 18116.

<sup>3</sup> Habang hindi isinasama ng Seksyon 1557 ang mga probisyon ng walang diskriminasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa Pamagat VII, ipinagkaloob nito na wala sa Titulo I ng ACA ang nagpapakahulugan sa pagpapawalang-bisa o paglilimita sa mga karapatan, mga remedyo, pamamaraan, o legal na pamantayan na magagamit sa ilalim ng ilang batas sa karapatang sibil, at na partikular na binabanggit ang Pamagat VII. 42 U.S.C. 18116(b).

Kodigo ng mga Regulasyon ng Pederal, ibinabalik ng Kagawaran sa matagal na pagpapakahulugan na ayon sa batas na naaayon sa simpleng kahulugan ng pinagbabatayan na mga batas sa karapatang sibil at ang opisyal na posisyon ng Pamahalaan ng Estados Unidos tungkol sa mga batas na iyon.

Una nang tinantya ng Kagawaran ang mga gastos mula sa 2016 Patakaran na higit sa \$942 milyon sa unang limang taon. 81 FR 31458–59. Gayunpaman, masyadong mababa ang aktwal na mga gastos ng pigurang ito, ayon sa kasalukuyang mga pagtatantya ng Kagawaran. Tulad ng tinantya ngayon, ang mga gastos na nagmula lamang sa pangangailangan ng 2016 na Patakaran na magbigay ng mga abiso at mga tagline sa lahat ng makabuluhang mga komunikasyon, pagkatapos ng pagtataya para sa elektronikong paghahatid, na halaga ng pamantayan na taunang pasanin na \$585 milyon bawat taon, para sa limang taong pasanin na \$2.9 bilyon . Batay sa muling pagsusuri ng Kagawaran sa pasanin sa mga inayos na mga entidad, at pagkatapos suriin ang mga puna ng publiko, tinukoy ng Kagawaran na ang mga potensyal na benepisyo ng publiko sa pagpapatupad ng mga nasabing pangangailangan ay mas malaki kaysa sa malaking gastos ng mga kinakailangang ipinapataw sa mga nirerulang entidad at iba pang partido.

## **B. Buod ng Pangkalahatang Mga Probisyon**

### **1) Mga Pagbabago sa Seksyon 1557 na Regulasyon**

#### **a. Pag-alis ng mga Lumampas na mga Probisyon na may Kaugnayan sa Kasarian at Pagkakakilanlan ng Kasarian**

Inaalis ng pinal na patakaran na ito ang ilang probisyon ng 2016 na Patakaran na lumampas sa saklaw ng awtoridad na ipinagkaloob ng Kongreso sa Seksyon 1557. Ang kahulugan ng diskriminasyon sa 2016 na patakaran "batay sa kasarian" ay sumaklaw sa diskriminasyon batay sa pagkakakilanlan ng kasarian ("panloob na kahulugan ng kasarian, na

maaaring lalaki, babae, ni, o kombinasyon ng lalaki at babae"). Alinsunod sa kahulugan na iyon, nagpapataw ang 2016 na Patakaran ng ilang kinakailangan patungkol sa paggamot na medikal at saklaw batay sa pagkakakilanlan ng kasarian. Sumasaklaw din ang parehong kahulugan ng diskriminasyon batay sa "pagpapalaglag sa ipinagbubuntis" nang hindi isinasama ang tahasang pagpapalaglag-neutralidad na probisyon ng 20 U.S.C. 1688 (na tinukoy ng ilang komentarista bilang Danforth Amendment) sa Pamagat IX, at ipinataw nito ang mataas na pasanin ng patunay sa mga tagapagkaloob upang bigyang-katwiran ang pag-alok ng gynecological o iba pang serbisyong medikal sa single-sex.

Malaking pagbabago ang lahat ng ito sa pambatasan na kulang ng awtoridad na gawin ng Kagawaran. Ipinagpalagay nila na magpataw ng karagdagang kinakailangan sa legal sa mga sakop na entidad na hindi mabibigyang katwiran ng teksto ng Pamagat IX, at sa katunayan ay salungat sa ekspresyong eksklusibo sa Pamagat IX, kahit na ang Pamagat IX ay nagbibigay ng nag-iisang batas na batayan para sa pagkakaloob ng Seksyon 1557 laban sa diskriminasyon na "batay sa kasarian." Sa kadahilanang ito, inalis at muling ibinalik ang mga probisyon na ito sa kautusan ng korte. Tinatangal ng pinal na patakarang ito ang isinantabing probisyon tungkol sa pagkakakilanlan ng kasarian at pagpapalaglag sa ipinagbubuntis, dahil doon, nagkaroon ng mga probisyon ng Kodigo ng mga Regulasyon ng Pederal sa pagsunod sa mga batayang batas at hanggang sa kasalukuyan bilang epekto ng kautusan ng korte.

Naniniwala rin ang Kagawaran na sinusuportahan ng iba't ibang patakaran ang aksyon na ito. Nagpapataw ang mga probisyon ng 2016 na Patakaran sa diskriminasyon sa kasarian ng mga bagong kinakailangan para sa pangangalaga na may kaugnayan sa pagkakakilanlan ng kasarian at pagpapalaglag sa ipinagbubuntis na hindi isinama ng Kongreso, at pinigilan ang mga sakop na mga entidad mula sa paglalabas ng makatuwiran at/o ipinahiwatig na medikal na pagkakaiba sa

batayan ng kasarian. Bilang resulta, maaaring magpataw ang mga probisyon na ito ng nakalilito o magkakasalungat na mga kahilingan sa mga tagapagbigay ng serbisyo, nakagambala nang hindi naaangkop sa kanilang medikal na paghatol, at potensyal na mapabigat sa kanilang mga konsensya. Sa kabaligtaran, sa ilalim ng pinal na patakarang ito, maaaring balansehin ng bawat Estado para sa kanyang sarili ang iba't ibang sensitibong pagsasaalang-alang na may kaugnayan sa paghatol sa medikal at pagkakakilanlan ng kasarian, sa loob ng mga hangganan ng naaangkop na mga batas ng Pederal (na babasahin ayon sa kanilang payak na kahulugan).

#### **b. Paglilinaw ng Saklaw ng Mga Nasasakupang Entidad**

Bilang karagdagan sa pagsisikap upang maiwasan ang paglampas sa itinakda ng batas sa awtoridad ng Kagawaran, binabago ng pinal na patakaran na ito ang kahulugan ng 2016 na Patakaran ng mga entidad na sakop ng Seksyon 1557 upang maiayon ito nang mas malapit sa itinakda ng batas.

#### **c. Pag-alis ng Hindi Kinakailangan o Dobleng Probisyon sa Pagpapatupad ng Karapatang Sibil**

Inaalis din ng pinal na patakaran na ito ang mga probisyon ng 2016 ng Patakaran na, hindi kinakailangang pag-doble o pag-papatong-patong sa umiiral na batas at regulasyon ng mga karapatang sibil, ay alinman sa hindi pantay o kalabisan ng umiiral na batas at regulasyon, at sa gayon ay malamang na magdulot ng pagkalito tungkol sa mga karapatan ng mga indibidwal at ang kaukulang responsibilidad ng mga nagbibigay. Ipinagbabawal ng pinal na patakaran na ito ang anumang saklaw na entidad mula sa diskriminasyon sa batayan ng lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kasarian, edad, at kapansanan, ayon sa kahulugan ng mga terminong ito sa pinagbabatayan ng mga batas sa karapatang sibil ng Pederal na isinasama ng Seksyon 1557, at ng-uutos sa Kagawaran upang ipatupad ang mga pagbabawal na ito sa pamamagitan ng mga mekanismo ng pagpapatupad na magagamit sa ilalim ng mga regulasyong ipinapatupad ng kani-

kanilang batas. Tinatanggal nito ang mga kahulugan ng mga tuntunin ng 2016 na Patakaran at ang listahan ng mga halimbawa ng mga diskriminasyon na gawi, pati na rin ang mga probisyon nito na may kaugnayan sa diskriminasyon batay sa pakikipag-ugnayan, hindi pantay na epekto sa batayan ng kasarian, saklaw ng seguro sa kalusugan, mga tiyak na programa sa benepisyo sa kalusugan ng empleyado, abiso ng mga karapatan ng mga benepisyaryo sa ilalim ng mga batas sa karapatang sibil, pagtatalaga ng mga responsableng empleyado at paggamit ng mga pamamaraan ng karaingan, pagkakaloob ng access sa OCR para sa pagsusuri sa mga talaan ng entidad sa nasasakupang, pagbabawal sa pananakot at paghihiganti, mga pamamaraan ng pagpapatupad, pribadong mga karapatan ng pagkilos, pag-remedyo, at kusang pagkilos. Sa lahat ng bagay na ito, maipagpapawalang-saysay ng pinal na patakaran na ito ang kaugnay ng umiiral na mga regulasyon at ang kaugnay batas sa kaso na may paggalang sa bawat isa sa mga batayang batas ng sibil na karapatan, tulad ng inilalapat sa kontekstong pangkalusugan sa ilalim ng Seksyon 1557. Hindi ito lilikha ng, tulad ng ginawa ng 2016 na Patakaran, isang bagong balangkas ng regulasyon ng patchwork na natatangi sa Seksyon 1557 na sakop ng mga entidad.

#### **d. Pag-alis ng Hindi Kinakailangang Mga Pasanin sa Regulasyon**

Binabago ng pinal na patakarang ito ang mga probisyon ng 2016 na Patakaran na nagpapataw ng mga pasanin ng regulasyon sa mga sakop na entidad na mas malaki kaysa sa kinakailangan upang matiyak ang pagsunod sa batas ng mga karapatang sibil. Partikular, tinatanggal nito ang mga kinakailangan na mabibigat na pasanin para sa mga sakop na entidad na magpadala ng mga abiso at mga tagline sa lahat ng makabuluhang komunikasyon, nilinaw na ang pagkakaloob ng seguro sa kalusugan, tulad nito, ay hindi isang "programa sa kalusugan o aktibidad," ay nagdadala ng mga kinakailangan ng makabuluhang pag-access para sa mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles (LEP) na umaayon sa matagal na patnubay ng DOJ at HHS,

at pinapayagan ang mga malalayong nagbibigay ng interpretasyon sa Wikang Ingles na maging batay sa audio sa halip na hilingin sa kanila na maging batay sa video.

Pinapanatili ng pinal na patakaran ang maraming iba pang probisyon ng 2016 na Patakaran na lalong nagpatuloy sa layunin ng pagsunod sa karapatang sibil nang hindi nagpapataw ng mga pasanin na hindi kinakailangan sa layuning iyon. Kasama dito ang obligasyon para sa mga sakop na entidad na magsumite ng mga katiyakan ng pagsunod, pati na rin ang karamihan sa mga probisyon ng 2016 na Patakaran na nagsisiguro ng access para mga indibidwal na may LEP at mga indibidwal na may kapansanan.

#### **e. Iba pang Paglilinaw at Mga Maliliit na Pagbabago**

Binabago ng pinal na patakaranang ito ang talakayan ng 2016 na Patakaran tungkol sa sarili nitong kaugnayan sa iba pang batas, na nag-aalok ng mas malinaw na pangako upang maipatupad ang Seksyon 1557 alinsunod sa teksto ng mga batas na isinasama nito, pati na rin sa teksto ng maraming iba pang naaangkop na mga karapatan sa sibil at konsensya. Ginagawa din nito ang iba pang maliliit na pagbabago sa teksto ng regulasyon.

### **2) Mga Kaugnay at Sinusunod na Mga Pagbabago sa Ibang Regulasyon**

#### **a. Pamagat IX**

Dahil sa kabiguan ng Kagawaran na isama ang neutralidad ng probisyon sa aborsyon sa 20 U.S.C. 1688 (na tinatawag na "neutralidad sa aborsyon") at ang pagbubukod sa relihiyon ng Title IX ay nabuo bilang bahagi ng pangangatuwiran ng korte ng Franciscan nang isinangtabi nito ang mga bahagi ng 2016 na Patakaran, binabago ng pinal na patakaranang ito ang mga regulasyon ng Pamagat ng IX ng Kagawaran na tahasang isama ang may-kaugnayang mga pagbubukod sa batas mula sa Title IX, kasama ang pagiging hindi saklaw ng neutralidad sa aborsyon at pang relihiyon.

## **b. CMS**

Sampung mga probisyon sa mga regulasyon ng CMS, na ang lahat ay saklaw sa entidad na nasasailalim din sa Seksyon 1557, sa nagdaang mga taon ay pinasok ang probisyon na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian. Kaugnay ng pagbabalik ng pinal na patakarang ito sa simpleng kahulugan ng "sa basehan ng kasarian" sa mga batas ng sibil na karapatan na isinama sa ilalim ng Seksyon 1557, at ang labis na pamamahala ng Seksyon 1557 sa mga programang ito, ipinipinal ng Kagawaran dito ang mga susog sa mga regulasyon upang matiyak ang higit na pagkakapareho sa pagpapatupad ng mga karapatang sibil sa iba't ibang programa ng Kagawaran sa pamamagitan ng pagtanggali ng mga probisyon sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian.

## **C. Buod ng mga Halaga at Benepisyo ng mga Malalaking Probisyon**

Makabuluhang ekonomikong de-regulasyong aksyon ang pinal na patakarang ito. Tinataya ng Kagawaran na ang pinal na patakaran na ito ay magresulta sa humigit-kumulang na \$2.9 bilyon sa halagang matitipid (walang diskuwento) sa unang limang taon pagkatapos ng pinalisasyon. Inaasahan ng Kagawaran na ang pinakamalaking proporsyon ng mga tinantyang pagtitipid na ito ay mula sa pag-uulit ng mga probisyon ng 2016 na Patakaran na may kaugnayan sa mga ipinag-uutos na abiso. Tinataya ng Kagawaran ang karagdagang natipid mula sa pag-alis ng kinakailangan para sa OCR upang timbangin ang pagkakaroon o kawalan ng mga plano sa pag-access sa wika, at mula sa pag-uulit ng mga probisyon na dinodoble ang mga umiiral na mga kinakailangan sa regulasyon hinggil sa pagtatatag ng mga pamamaraan ng karaingan. Tinantya ng Kagawaran na magkakaroon ng karagdagang mga gastos sa mga sakop na entidad tungkol sa pagsasanay at pag-rebisyon ng mga patakaran at pamamaraan.

Naniniwala ang Kagawaran na ang inaasahang mga benepisyo-na kinabibilangan ng pagkakapareho sa mga pederal na batas, naaangkop na paggalang sa mga tungkulin ng mga

hukuman ng Pederal at Kongreso, at ang pagbawas o pag-alis ng mga di-mabisa, hindi kinakailangan, o nakalilito na mga probisyon — higit pa kaysa sa anumang gastos o pasanin na maaaring lumabas mula sa pagbabago.

<b>(Mga) Probisyon</b>	<b>Mga natipid at benepisyo</b>	<b>Mga halaga</b>
Sec. 1557: Pag-alis ng mga Lumampas na mga Probisyon na may Kaugnayan sa Kasarian at Pagkakakilanlan ng Kasarian	Para sa mga probisyon na isinangtabi, ang pagtanggap sa kanila ay nagdadala sa Kodigo ng Regulasyong Pederal sa kahanay ng kasalukuyang batas. Para sa iba pang probisyon, ang pagtanggap sa kanila ay magbabalik sa patakaran ng batas sa pamamagitan ng pagkumpirma ng regulasyon sa loob ng saklaw ng legal na awtoridad ng Kagawaran; magbabalik ang Pederalismo sa pamamagitan ng pag-iwan sa mga desisyon ng Estado nang maayos na nakalaan sa kanila; at tinatanggal ang hindi makatarungang pasanin sa paghatol sa medikal na tagapagbigay ng serbisyo.	Walang inaasahang gastos para sa mga probisyon na bakante, at ang anumang posibleng gastos para sa mga kaugnay na probisyon ay hindi makakalkula batay sa magagamit na datos.
Sec. 1557: Paglilina ng Saklaw ng Mga Nasasakupang Entidad	Nagpapabuti ang pagwawasto sa probisyong ito sa patakaran ng batas sa pamamagitan ng pagbibigay kahulugan sa batas ayon sa simpleng kahulugan nito nang mas malapit hangga't maaari.	Hindi kinakalkula ang mga gastos batay sa magagamit na datos.
Sec. 1557: Pag-alis ng Hindi Kinakailangan o Dobleng Probisyon sa Pagpapatupad ng Karapatang Sibil	Binabawasan ng pagtanggap sa mga probisyon na ito ang pagdoble, hindi pagkakapareho, at posibleng pagkalito sa mga regulasyong karapatan sa sibil ng Kagawaran, na ginagawang mas madali para sa mga sakop na entidad at indibidwal na malaman ang kani-kanilang mga responsibilidad at karapatan.	Tinatantya ng Kagawaran ang \$275.8 milyong mga gastos sa unang taon para sa pagbabago ng mga patakaran at pamamaraan, kasama ang kaukulang pagsasanay muli ng mga empleyado. (Sumasaklaw din ang mga gastos na ito sa susunod na nakalisting hanay ng mga probisyon.)
Sec. 1557: Pag-alis ng Hindi Kinakailangang Mga Pasanin sa Regulasyon	Binabawasan ng pagtanggap sa mga probisyon na ito ang hindi kailangan, hindi makatarungan, o labis na pasanin sa mga nagbibigay ng kalusugan, pati na rin ang labis at nakakalitong mga	Tingnan ang nasa itaas.

<b>(Mga) Probisyon</b>	<b>Mga natipid at benepisyo</b>	<b>Mga halaga</b>
	de-papel na abiso para sa mga pasyente. Magreresulta ito ito ng abot-kayang pangangalaga sa kalusugan at magiging accessible para sa mga Amerikano at tinatayang makakatipid ng \$585 milyon bawat taon sa unang limang taon.	
Sec. 1557: Iba pang Paglilinaw at Maliliit na Pagbabago	Pinapabuti ng pagbabago sa mga probisyon na ito ang patakaran ng batas sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga regulasyon ay mananatiling napapailalim sa mga proteksyon sa batas para sa kunsensya at iba pang karapatang sibil, at kung hindi man ay nag-aambag sa mga layunin ng iba pang mga pagbabago sa regulasyon na nakalista sa itaas.	Walang inaasahang gastos, at ang anumang posibleng gastos para sa mga kaugnay na probisyon ay hindi makakalkula batay sa magagamit na datos.
Mga regulasyon ng Pamagat IX, kaugnay na susog	Sinisiguro ng pagsusog na ito ang patakaran ng batas na naglilinis na ang mga regulasyon na Pamagat IX ay napapailalim sa sarili nitong batas ukol neutralidad sa aborsyon at pang-relihiyon na pagbubukod.	Walang inaasahang gastos, at ang anumang posibleng gastos para sa mga kaugnay na probisyon ay hindi makakalkula batay sa magagamit na datos.
Mga regulasyon ng CMS, sinusunod na mga susog	Ipinapanumbalik ng mga susog na ito ang patakaran ng batas sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga regulasyon sa loob ng saklaw ng kanilang legal na awtoridad, at tinitiyak ang pagiging pare-pareho sa pagpapatupad ng karapatang sibil sa iba't ibang programa ng Kagawaran.	Hindi kinakalkula ang mga gastos batay sa magagamit na datos.